

Ang Wika at Kulturang Sudipenian sa Paghahabi ng Kawayan

Divine Grace M. Lacondazo
Ilocos Sur Polytechnic State College, Philippines

Marco Q. Lapitan
Ilocos Sur Polytechnic State College, Philippines

Erika D. Lazaga
Ilocos Sur Polytechnic State College, Philippines

Ronel L. Santos
Ilocos Sur Polytechnic State College, Philippines

Carrie Ann Shane E. Orine
Ilocos Sur Polytechnic State College, Philippines

Christian C. Gandeza
Ilocos Sur Polytechnic State College, Philippines
christiangandeza8@gmail.com
(corresponding author)

Date received: May 29, 2024

Date received in revised form: June 7, 2024; June 24, 2024; June 28, 2024

Date accepted: July 16, 2024

Recommended citation:

Lacondazo, D. G. M., Lapitan, M. Q., Lazaga, E. D., Santos, R. L., Orine, C. A. S. E., & Gandeza, C. C.(2024). Ang wika at kulturang Sudipenian sa paghahabi ng kawayan. *Puissant*, 5, 2352-2383.

Abstrak

Ang paghahabi ng kawayan ay isang mabisang plataporma ng sining, wika at kultura na kinasasangkutan ng mga Sudipenians na nagkakaisa sa kanilang pamayanan, upang ipakilala ang kanilang kultura na masasalamatin sa gawain at wikang ginamit sa sining ng paghahabi ng kawayan. Sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga kalahok, ang mga mananaliksik ay nakolekta, nag-transcribe at maingat na sinuri sa pamamagitan ng transkripsyon at coding ng mga nakolektang wika na nagpapahiwatig ng kultura ng mga Sudipenians. Ang resulta ay dumating sa apat na tema na nagpapahiwatig ng wika at kultura ng mga Sudipenians; iba't ibang kawayan na ginagamit sa paghahabi, ang terminong



ginamit sa proseso ng paghabi ng kawayan ay nahahati sa tatlong kategorya; materyales, proseso at produkto, mga katangiang dapat taglayin ng isang manghahabi at ito ay nakakatulong sa kabuhayan. Ang lahat ng mga resulta ay nagsisilbing sentro ng kultura ng mga Sudipenians.

Abstract

Bamboo weaving serves as an effective platform for art, language, and culture among the Sudipenians, who unite within their community to showcase their cultural heritage through the art and language embedded in bamboo weaving. This thesis investigates bamboo weaving as a medium for expressing the native language and culture of the Sudipenians. By interviewing participants, the researchers collected and transcribed languages indicative of Sudipenian culture. These were carefully analyzed through transcription and coding, resulting in four themes that reflect Sudipenian language and culture: the variety of bamboo used in weaving, terminology used in the weaving process categorized into materials, processes, and products, the characteristics essential for a weaver, and the contribution of bamboo weaving to livelihoods. These findings collectively serve as the cultural essence of the Sudipenians.

Keywords – Pakapa-kapa Approach, Paghahabi, Sudipenians, Identidad, Pannakisarita

INTRODUCTION

Sa patuloy na pagbabago sa sistema ng mundo kaakibat nito ang pag-usbong ng makabagong panahon na unti-unting nawawala sa puso't isipan ang pagpapahalaga sa sariling wika at kultura ng bawat lahi sa mundo. Gayunpaman, nanatiling ang bawat katutubong grupo mula sa magkakaibang lahi ay may anking sining na sumisimbolo sa sariling kultura't identidad. Ang iba't ibang malikhaing sining sa mga katutubong grupo ay nagbibigay ng mayamang kulturang dinadala sa mga henerasyon sa bawat yugto ng panahon. Ang wika ay isang mahalagang aspeto ng kultura at identidad ng isang pamayanan. Sa kasalukuyan, maraming wika at kulturang nakagawian ang nanganganib na mawala dahil sa patuloy na pagbabago ng lipunan at teknolohiya. Sa bayan ng Sudipen, ang tribu ng mga Bago, isa sa mga wikang nakapagpapakita ng kanilang kultura at identidad ay ang wika sa paghahabi ng kawayan. Kilala sa tanyag na katawagang paggawa ng handicraft.

Ang kawayan ay isang uri ng damo na mabilis tumubo at may malawak na hanay ng pagkakagamit bilang pangunahing materyal ng iba't ibang produkto tulad ng tungkod, bilao, sombrero, basket, bag, wallet, bukod sa iba pang mga bagay. Ang iba't ibang bahagi ng kawayan ay maaari ding gamitin sa paggawa na istrukturang hindi lamang para sa tao kundi para rin sa mga hayop (bahay kubo, kulungan ng hayop) at mga kasangkapang pangtahanan. Ayon sa mga katutubo ng Gamata ang kawayan ay may dalawang uri, ang kawayáng kilala sa tawag na tinikan o tinik, kawayang bayog, at ang

kawayáng kiling, bawat isa ay may iba't ibang katangian. Ang Kawayang tinik ay nailalarawan sa pamamagitan ng maliliit na sanga nito, na tinutukoy ng mga lokal bilang tinik o bulawit, na maaaring magamit sa ibang pagkakataon bilang mga silong ng maliliit na hayop, at para sa pangingsda. Madaling hatiin ang Kawayang tinik, kaya ito ay mainam para sa iba't ibang gawaing kamay gayundin para sa paggawa ng mga nipa hut (bahay kubo).

Sa Pilipinas, may humigit-kumulang 70 na kilalang uri ng kawayan, kung saan 53 ang nakatayo habang 17 ang umaakyat. Kabilang sa mga ito, siyam ang itinuturing na prayoridad na uri, kabilang ang "kawayan tinik" (*Bambusa blumeana*), "bayog" (*Bambusa merrilliana*). *Dendrocalamus merrillianus* "kawayan kiling" (*Bambusa vulgaris* Schrad.), giant bamboo (*Dendrocalamus*), "bolo" (*Gigantochloa* Levis, "kayali" (*Gigantochloa*) (Hassk. (Kurz), "buho" (*Schizostachyum*) lumampao at "anos" (*Schizostachyum*). Ayon kay Aggangan et al. (2015) ang mga prayoridad na uri na ito ay nagsisilbing hilaw na materyales para sa paggawa ng mga bahay, muwebles, at iba pang produkto.

Sa taong 2010, nilikha ang Philippine Bamboo Industry Development Council (PBIDC) sa ilalim ng Executive Order 879 upang isulong ang industriya ng kawayan. Ang industriya ng kawayan sa bansa ay pangunahing nahahati sa dalawa: produksyon ng poste, at ang pagproseso ng mga poste na ito sa iba't ibang produkto.

Base sa ulat ng UCLA (2013), ang paghabi ng kawayan ay isang mahalagang bahagi ng intangible cultural heritage ng maraming bansa, kabilang ang China, Japan, Vietnam, at Pilipinas. Ito ay isang tradisyunal na craft na sumasalamin sa mga kasanayan, kaalaman, at halaga ng mga lokal na komunidad, at kadalasang nauugnay sa mga ritwal, pagdiriwang, at iba pang kultural na kasanayan. Sa maraming mga kaso, ang paghabi ng kawayan ay ginamit din bilang isang anyo ng masining na pagpapahayag, na lumilikha ng masalimuot at magagandang bagay na hinahangaan para sa kanilang aesthetic na halaga. Matapos ang makasaysayang panahon, sa Dongyang City, Zhejiang Province, ang Dongyang bamboo weaving ay isa sa mga unang Pambansang Intangible Cultural Heritage item na nakabuo ng sariling kakaibang istilo at napakahusay na mga pamamaraan, na hindi lamang may mataas na artistikong halaga kundi nagmamana rin ng tradisyonal na kultura. Ngunit sa kasalukuyan, sa pag-unlad ng teknolohiya, ang paglitaw ng mas maginhawa at murang mga materyales ay unti-unting napalitan ang mga likhang kawayan, na nagiging dahilan upang hindi ito makakonekta sa pampublikong pamumuhay.

Ang wika ay isang mahalagang bahagi ng kultural na pamana, dahil ito ang pangunahing paraan kung saan ang mga tradisyon, halaga at kaalaman ay naipapasa mula sa isang henerasyon hanggang sa susunod. Sa konteksto ng paghabi ng kawayan, ang wika ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagpapanatili ng mga tradisyunal na pamamaraan at kaalaman na nauugnay sa paggawa. Sa maraming komunidad, ang bokabularyo, gramatika, at palaugnayan ng lokal na wika ay malapit na nauugnay sa mga teknikal na termino at konsepto na ginagamit sa paghabi ng kawayan. Ayon kay Domingo et al. (2014) sa Pilipinas, ang wikang ginagamit sa paghabi ng kawayan ay nag-iiba ayon sa uri ng kawayan, bahagi ng halamang kawayan, at tiyak na pamamaraan ng paghabi na

ginagamit. Sa kabila ng kahalagahang pangkultura at pang-ekonomiya ng paghabi ng kawayan, maraming tradisyunal na kasanayan sa paggawa ang nasa panganib na mawala dahil sa iba't ibang salik tulad ng globalisasyon, urbanisasyon, at pagbabago ng mga pagpapahalaga sa lipunan.

Sa maraming pagkakataon, ang mga kabataan ay hindi interesado sa pag-aaral ng mga tradisyunal na sining, at ang kaalaman at kasanayan ng mga matatandang henerasyon ay hindi naipapasa. Mula pa sa pag-aaral ni Gandeza (2022), ang kakulangan ng pagkilala at suporta para sa mga tradisyunal na sining mula sa gobyerno at iba pang mga institusyon ay maaari ding magdulot ng hamon sa pagpapanatili ng pamana ng kultura.

Samantala, sa bayan ng Sudipen , La Union, ang paghahabi ng kawayan ay isa sa mga tradisyunal na gawain. Ito ay hindi lamang isang paraan ng paglikha ng mga produktong kawayan, kundi pati na rin ng pagpapakita ng kanilang kultura at identidad bilang mga Sudipenians na masasalamain sa mga termiolohiyang kanilang ginagamit. Ang wika ay isang mahalagang aspeto ng kultura at identidad ng isang pamayanan. Sa kasalukuyan, maraming wikang nanganganib na mawala dahil sa patuloy na pagbabago ng lipunan at teknolohiya. Sa kabila ng pagkasilang ng mga modernong salita sa madisdiskubre ng mananaliksik kung patuloy pa rin ang paggamit ng wika ng paghahabi ng kawayan sa pagpapasa ng tradisyonal na kaalaman at panitikan ng mga Sudipenians partikular na ang mga katutubong Bago. Ang pagpapalawak ng impluwensya ng kultura ng paghabi ng kawayan ay pinagmumulan din ng pagganyak para sa napapanatiling katutubong wika ng mga Sudipenians. Sa nailatag na sitwasyon, layunin ng pananaliksik na ito na tuklasin at mabigyang halaga ang kahalagahan ng wika ng paghahabi ng kawayan bilang salamin ng kultura at identidad ng mga Sudipenians.

Paglalahad ng Suliranin

Nilalayan ng pag-aaral na ito na makalikha ng booklet ng wika at kulturang Sudipenian sa paghahabi ng kawayan:

1. Ano ang termino/wikang ginagamit sa paghahabi ng kawayan?
2. Anong mga kulturang Sudipenian ang masasalamain sa paghahabi ng kawayan?
3. Ano ang awtput na malilikha

LITERATURE REVIEW

Wika at Kultura

Natuklasan ni Silawan at Borong (2022), na ang bawat okupasyon ay may sariling wika na ang mga wikang ito ay nagbibigay pagkakakilanlan. Kapag banggitin ang salitang pukot at taga agad makilala ng mga kausap na ito ay mangingisda. Ang pukot at taga ay walang pagkakaiba sa katawagan sa alinmang bayan ng Sogod Bay. Mahalagang matukoy na may malalim na kahulugan sa pang-araw-araw na buhay ng mga taong nasa kanayunan na pamayanan ang mga kawayan sa kadahilanang ito ay sumasalamain sa kanilang kultura, tradisyon, panlipunan, at pang-ekonomiyang pangangailanganAsian Development Bank

(2002). Alinsunod naman kina Foster at Gilman (2015) ang handog ng kalikasan sa mamamayang lokal ay mahalaga sa buhay at kultura ng lahat ng mga pangkat etniko sa North-Eastern India. Marami ang maaring mapaggamitan ng kawayan, kung kaya ito ay nagdudulot ng mapagkakakitaan para sa mga mamamayang naninirahan sa rural na pamayanan. Ito rin ay hindi maihihiwalay sa pang-araw-araw na buhay ng mga pamayanang etniko, idagdag pa ang kanilang mga panlipunan at pangkulturang kaganapan sa kanilang buhay. Dagdag pa ryan, ang kawayan ay maaaring gamitin bilang pagkain o gamot at para sa mga produkto tulad ng handicraft, papel, muwebles, at kultura (Sharma et al 2020).

Sa India, nakita na ang mga Mongoloid ang kauna-unahang nakibahagi sa mga gawang kawayan. Ang mga ito ay dalubhasa at naninirahan sa hilagang-silangang bahagi ng bansa (kumakalat sa isang lugar na kumakatawan sa humigit-kumulang 8% ng kabuuang heograpikal ng bansa) kung saan mayroon silang malawak na kaalaman sa kagubatan ng mga kawayan. Iniuugnay ng pangkat na ito ang kanilang sariling kultura at pati na sa mga mamamayan ng Myanmar, Thailand, Tibet, Indonesia, at Vietnam kung saan ipinapakita ng bamboo craft ang ganap na kasanayan sa gawang kamay sa buong daigdig Solsola et al., (2005). Sang-ayon ito sa Upphapong et al. (2013), na ang mga katutubong grupo raw mula sa lahat ng dako ng bansa ay ginagawa ang lahat para mapangalagaan ang kultural na tradisyon ng paghabi. Ayon pa sa UCLA. (2013, October 8) mayroong dalawang paraan kung saan napapanatili ang mga pamanang kultural. Una ay sa pamamagitan ng pagtatala at paggunita ng mga materyal na may kinalaman sa kultura at pangalawa ay ang pangalagaan ito sa pamamagitan pagsasabuhay sa mga ito upang matiyak na ito ay maipasa sa susunod pang henerasyon. Bukod dito, mayroong lumalagong kalakaran sa mga sektor sa kanayunan at kalunsuran ng bansa para sa paggamit ng kawayan bilang isang laganap, naiiba, produktibo, maraming mapaggagamitan, mura, at madaling hanapin. Tumataas rin ang kahalagahan ng kawayan bilang mapagkukunan para sa pagpapaunlad sa kabuhayan Japan (2016). Ang paghahabi ng basket ay naglalarawan ng mga tradisyon ng mga pangkat etniko, kasama ng kanilang artistikong pagkamalikhain at kanilang mga aplikasyon sa arkitektura

Tradisyon sa Paghahabi

Ang malalim na ugat ng tradisyon sa Pilipinas ay maituturing na sining at kultura ng bansa. Isa na rito ay ang produkto ng paglikha na naglalahad ng ala-ala sa tungkol sa kasaysayan ng panahon. Sa ilang pagkakataon, ang iba't ibang anyo ng paglikha ay nakatanim na sa mayamang kultura, at ang sining ng paglikha ay patuloy na ipinapasa sa iba pang henerasyon. Isa sa mga makabuluhang pruweba sa kahusayan ng mga katutubong Pilipino ay ang basketry. Ang basket bilang isang produkto ng paglikha ay nagbibigay ng malawak at mahahalagang paglalarawan sa mga katutubong grupo at ang kaugnayan nito sa lipunan habang ito ay nagiging bahagi ng mga aspeto ng pang-araw-araw na buhay ng komunidad (UCLA, 2013).

Ang pangangalaga ng malawak na mga imbakan ng kaalaman ay nangangailangan ng isang mahalagang paniniwala sa mga pamumuhay at kultura ng mga katutubo. Kailangan ng plano para buhayin ang kanilang kultural na pamana, at kailangan din nila ng suporta ng gobyerno para protektahan ito Das et. al (2020). Samantala, binanggit nina Sharma, D. B., Gupta, V., Saxena, K., Shah, U. M., & Singh, U. S. (2020). Na ang wika ng mga kasuotan at kagamitan (props & costumes) ay maliwanag na kumikilala sa identidad ng mga Ilokano bilang malikhaing nilalang dahil sa makukulay na representasyon ng kanilang isipan. Sa kaso naman ng mga produktong makikita sa Sillag festival, lalong nagiging inspirasyon ng isang tagagawa ang pagpapanatili ng obra sa ngalan ng de-kalidad na serbisyong maipagmamalaki upang maging kakaiba at mapanatili ang natatanging identidad ng kanilang lugar na isa sa pinakalayunin sa festival – ang makilala ang bayan sa pamamagitan ng nangangibabaw na producto (King & Schielmann, 2004).

METHODOLOGY

Disensyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay kwalitatibo. Ang mananaliksik ay gumamit ng Pakapa-kapa Approach na makikita sa ibaba (Figura 1). Ginamit sa pag-aaral ang Pakapa-kapa Approach ni Pe-Pua (1989). Ito rin ay isang paraan na ginamit upang ilarawan ang mga iba't ibang aktibidad (Figura 1). Ang Pakapa-kapa ay nagpapahiwatig ng paggalugad sa kultural, panlipunan o sikolohikal na datos nang walang serkulasyon ng overriding theoretical frameworks na hiniram mula sa mga obserbasyon sa labas ng pokus sa pagsisiyasat. Maaari rin itong iugnay sa tinatawag na unobtrusive na pamamaraan dahil ang aktwal na paraan sa pagkolekta ng impormasyon ay maaaring mula sa pagmamasisid, pagtatanung-tanong, pagsubok, pagdalaw, pakikilahok, at pakikisangkot. Kaya ang simpleng obserbasyon, dokumentasyon, interbensyon at pakikilahok ay magagamit lahat sa pamamaraang ito ng "pagkapa". Isinagawa rin ang member checking na nagsilbing balidasyon sa pagpapalabas sa Kultura at Identidad ng mga Sudipenians.




Figura 1. Disensyo ng Pananaliksik

Bukod dito, ginamit din ang qualitative research approach sa pag-aaral na ito, Kwalitatibong Pananaliksik ay isang uri ng social science research na nangongolekta at gumagana sa non-numerical na data at naglalayong bigyang-kahulugan ang kahulugan mula sa mga datos na ito na makakatulong sa pag-unawa sa buhay panlipunan sa pamamagitan ng pag-aaral. ng mga target na populasyon o lugar (Crossman, 2017). Binibigyang-daan nito ang mga mananaliksik na mangolekta, mag-analisa, at bigyang-kahulugan ang data ng teksto.

Mga Partisipant

Ang pag-aaral na ito ay sumaklaw lamang sa mga terminong ginagamit sa paghahabi ng kawayan ng mga kusang nakapanayam na partisipant mula sa Barangay Duplas, at Bulalaan ng bayan ng Sudipen, probinsiya ng La Union. Mula sa mga nakapanayam na maghahabi ay 9 na partisipant ang naging kasangkot. Lahat ng mga partisipant ay pasok sa kraytirya na itinakda, tubong Sudipen, maghahabi ng kawayan, boluntaryong makikilahok, may gulang na 40-73, babae o lalaki.

Mula sa pag-aaral ni Gandeza and Unciano (2022), walang tuntunin na sinunod sa pagkuha ng sample size sa kwalitatibong uri ng pananaliksik. Ito ay ginamit pagkatapos ma saturate ang mga kasagutan ng mga kalahok.

Pinagmulan ng Datos

Ang lokasyon ng pag-aaral ay isinagawa sa barangay Duplas at Bulalaan sa bayan ng Sudipen. Dito nagmula ang mga partisipant sa isinagawang pag-aaral ng pananaliksik ukol sa BAMBOOKLET: Ang Wika at Kulturang Sudipenian sa Paghahabi ng Kawayan (Pigura 16). Binubuo ito ng mga maghahabi ng kawayan mga lalaki at babae.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng semi-structured na panayam sa mga kalahok. Ayon naman kina DeJonckheere at Vaughn (2019), ang pinakamadalas na ginagamit na uri ng qualitative data source sa mga pag-aaral ay ang semi-structured in-depth interviews. Ang pamamaraang ito ay karaniwang nagsasangkot ng pag-uusap sa pagitan ng mananaliksik at ng kalahok, na tinutulungan ng isang nababaluktot na pamamaraan ng pakikipanayam at pinahusay ng mga follow-up na katanungan, mga pagtatanong sa karagdagang impormasyon, at mga komento. Ginamit ang sarita upang makonteksto at makuha ang isang balangkas na nag-aalok ng pampublikong espasyo para sa pagsasagawa ng pananaliksik na nakaugat sa kaalaman at karanasan ng mga Ilokano. Pannakisarsarita ay paraan na ginamit ni Tejano (2022) na binanggit ni Gandeza (2023) kung saan tinukoy niya bilang “Pannakisarsarita-pagkilala sa pokus sa kontekstwal na buhay ng wika at wika (paggamit ng wika, ibig sabihin, komunikasyon, pang-araw-araw na pag-uusap, pasalita at nakasulat na literatura), ang pannakisarsarita ay tumutukoy sa

aktibong pag-uusap ng mga kalahok sa pananaliksik sa maunawaan ang mga lokal na kasanayan sa komunikasyon.

Binibigyang-daan ng pamamaraan ang mananaliksik na mangalap ng hindi nakaayos na data, mag-imbetiga sa mga iniisip, damdamin, at paniniwala ng mga kalahok tungkol sa isang partikular na paksa, at malalim na suriin ang mga maselan at kung minsan ay malalapit na bagay. Bukod dito, bago ang pagsasagawa ng panayam, ang lahat ng kinakailangang mga dokumento tulad ng mga sulat ng kahilingan at may-kaalaman na pahintulot ay naisagawa muna. Matapos maisagawa ang lahat ng kinakailangang mga dokumento, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng panayam.

Ang panayam ay isinagawa sa pamamagitan ng face to face. Sa buong pakikipanayam, ang mga mananaliksik ay ginabayan ng gabay sa pakikipanayam na binubuo ng mga bukas na tanong na mas malalim ang pagsisiyasat sa mga iniisip ng kalahok. Bukod dito, ang isang audio recording at video recording ng panayam ay ginawa upang mapanatili ang katumpakan at pagkakumpleto ng data. Pagkatapos ng bawat panayam, isinulat ng mananaliksik ang audio recording para sa paunang pagsusuri.

Paraan ng Pag-aaral

Ang mananaliksik ay nagbasa at nagsaliksik ng mga pag-aaral at literatura na kaugnay ng pag-aaral sa wika bilang salamin ng kultura at identidad ng isang lahi o grupo ng tao. Pagkatapos makakalap ng sapat na kaugnay na literatura sa pag-aaral ay isinagawa ang Gap Analysis ng mga mananaliksik. Sa puntong natukoy ang kakulangan sa pagitan ng nabasang mga kaugnay na pag-aaral ay naisip ng mga mananaliksik ang kanilang layunin sa pag-aaral. Sunod na ginawa ang pagpapahayag sa suliranin.

Upang maisakatuparan ang layunin sa pag-aaral ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa alkalde ng bayan ng Sudipen upang bumisita sa kanilang Tourism Office sa pasulat na paraan. Ipinaalam ng mga mananaliksik ang layuning makausap at makapanayam ang nangangasiwa ng kanilang Negosyo Center upang makakuha ng mahahalagang impormasyong magagamit sa pag-aaral. Isinangguni ng mga mananaliksik sa tagapangasiwa ng Negosyo Center ang kagustuhang makapanayam ang mga manghahabi ng kawayan na orihinal na tubong Sudipen. Ang Tourism Office ay naglaan ng tulong upang ang mga mananaliksik ay maisagawa ang kanilang pag-aaral. Sinagot ang transportasyon upang makarating ang mga mananaliksik sa barangay Duplas at Bulalaan na komunidad ng mga maghahabi. Matapos paunlakan ang kahilingan ang mga mananaliksik ay bumuo ng katanungan para sa isasagawang interbyu. Sa pagbuo ng gabay na tanong para sa interbyu ay maingat na sinala ang mga katanungan batay sa halaga at kaugnayan sa paksa.

Sa nairekord na mga sagot sa pakikipanayam ay ginamit ang pagtranskrayb sa pakikipanayam ni Deepak, March 22, 2008 narito ang mga ilang halimbawa makikita ito sa mga sumusunod:

1. Ang paggamit ng “?” ito ay sumisimbolo sa pagtaas ng intonasyon sa huling pangungusap. (Hal. Ano ano ang mga terminong ginagamit sa paghahabi ng kawayan?) 2) Ang paggamit ng (.) ito ay tumutukoy sa pagbaba ng intonasyon sa huling pangungusap. (hal. Ang paghahabi ng kawayan ay nakakatulong sa pangtustos sa pangangailangan naming sa araw araw na pamumuhay 3) Ang paggamit nito ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba ng intonasyon sa huling salita ng pangungusap. 4) Ang paggamit (,) tumutukoy sa intonasyon na may matukoy pa. 5) Ang paggamit ng “CAPS” tumutukoy sa pagbibigay diin sa teksto.

2.

Para sa balidasyon ng mga naitranskrayb na mga sagot ng mga nakapanayam na partisipant ang mga mananaliksik ay maingat na sinapat at sinuri ito para sa pangkalinawan at angkop na pagkakagamit sa pag-aaral. (*leave one space*)

RESULTA

Termino/Wikang ginagamit sa paghahabi ng kawayan

Lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang kawayang ginamit ay ang anes at bolo dahil ito ang pinakagamitin at pinakamagandang suhestiyon na gamitin sa paghahabi ng kawayan. Ito ang naging kasagutan ng mananaliksik.

Partisipant 2, “The Best Talaga Ti Anes” bilang pangunahing materyal sa paghahabi sapagkat mas madali itong habiin dahil sa taglay nitong katangian na mas tuwid, mas maliit ang sukat at haba, mas payat ang katawan, madaling kuskusin, malambot, at mahirap mabali. Dagdag pa ni Partisipant 3, ang Anes ay mas manipis kumpara sa bolo.

Anes. Ito ay isang barayti ng kawayan na kahawig ng bolo. Mayroon itong payat na katawan at mas mahabang sukat mas maliit kumpara sa bolo. Ito ang pangunahing materyales na ginagamit sa paghahabi ng kawayan sapagkat mas malambot kaya mas madali at magandang habiin.

Ngunit, sa kabila ng lahat may mga pagkakataon kung wala ng anes ay minsan ginagamit rin ang Bolo upang gamitin sa paghahabi ng kawayan.

Partisipant 5, “Kung wala ng anes, gagamit na kami ng bolo bilang paghahabi”

Bolo. Ito ay isang barayti ng kawayan na hawig sa anes. Ang pinagkaiba lamang nito ay mas mabalahibo at malapad kumpara sa anes.

Napag-alaman sa resulta ng isinagawang pag-aaral, na ang Anes at Bolo ang dalawa sa barayti ng kawayang ginagamit ng mga Sudipeniens sa paghahabi ng produkto. Ito ang mga barayti ng kawayang ginagamit ng mga maghahabi sapagkat ayon sa karamihan ng mga partisipants ay tumugun na anes at bolo ang kanilang ginagamit sa


paghahabi partikular na ang anes dahil sa mga katangian nitong makinis, madaling kayasin at habiin, matibay, at hindi madaling nababali. Ito ay pinatunayan ng pinakabeterano at 20 taon ng manghahabi sa barangay Duplas at Bulalaan, Sudipen, La Union.


Sa pananaliksik ni Amtalao, J. A., & Lartec, J. K. (2015). ang wika ng mga kasuotan at kagamitan (props & costumes) ay maliwanag na kumikilala sa identidad ng mga Ilokano bilang malikhaing nilalang dahil sa makukulay na representasyon ng kanilang isipan.


Sa sining ng paghahabi ng kawayan, sa lohikal na pag-iisip ang kagandahan ng mga katawagan sa mga materyales na ginagamit ng mga maghahabi ng kawayan ay kakambal nito ang kulturang Sudipenians. Kulturang patuloy na isinasabuhay sa pamamagitan ng paggawa ng sining sa paghahabi.

Ang kultura ng isang bayan ay nababatid sa iba't ibang anyo dahil nagpapakilala ito ng sari-saring porma. Nakakasalamuha ng indibidwal ang halos kabuoan ng isang lipunan dahil sa kanilang materyal na kultura at di-materyal na kultura na kinilala ng UNESCO at Connaughton (2020) bilang lantad at hindi lantad na kultura (Talahanayan 1).

Talahanayan 1. Materyales, Konsepto at Kultura

Materyales	Konsepto	Kultura
<p>1. Kilob</p>  <p><i>Pigura 2. Kilob uri ng Halaman</i></p>	<p>Ito ay uri ng halamang ginagamit ng mga Sudipenians sa paglalagay ng palamuti sa nahabing produkto. Ito ay inaangkat mula sa Benguet.</p>	<p>Sa komunidad ng mga Sudipenians ang bawat indibidwal na miyembro maghahabi man o hindi ay may kanya-kanyang ambag sa kanilang pangkabuhayan na paghahabi ng kawayan. Mismong sa kanilang lugar ay matutunghayan na ang mga maghahabi ay may pagkakaisa at pagtutulungan. Ang bawat isa sa kanila ay bukal sa puso na ibinabahagi ang kanilang angking talento upang makalikha ng hindi lamang maganda ngunit de kalidad na produktong yari sa hinabing kawayan. Samantala ang ibang</p>

		<p>miyembro na walang kasanayan sa paghahabi ay nagpapakita ng suporta sa paraang pagggamit at pagbebenta sa mga produktong nalikha. Kagaya ng kahalagahan ng kilob bilang isang mahalagang kagamitan sa paghahabi ng kawayan, hindi magiging matagumpay ang industriya sa paghahabi ng kawayan ng mga Sudipenians kung wala ang presensiya at tulong ng bawat miyembro sa komunidad.</p>
<p>2. Labtang</p>  <p><i>Pigura 3. Labtang (halamang baging)</i></p>	<p>Ito ay isang halamang baging na ginagamit ng mga Sudipenians sa paggawa ng hawakan para sa pasiking (<i>back pack</i>). Matatagpuan ito sa mga kabundukan ng rehiyon.</p>	<p>Ang hawakan ay sumisimbolo sa matibay na relasyon at pagsasama na kumakatawan sa pagtutulongan ng bawat miyembro sa komunidad ng mga Sudipenians. Tulad ng tibay na taglay ng labtang, ang mga Sudipenians ay may matibay na komunikasyon, relasyon at kooperasyon sa pagbibitbit o pag-aangat sa sining ng paghahabi ng kawayan. Makikita ang kulturang Sudipenians na ito hindi lamang sa panahon ng krisis o kalamidad bagkus ay malinaw ding mababatid sa sining ng paghahabi ng kawayan kung saan kapit bisig ang bawat miyembro</p>

		<p>sa pagpapakita ng pagmamahal, pasyon at malasakit sa kanilang minanang sining mula sa kanilang mga ninuno sa pamamagitan ng pagsasabuhay at patuloy na paglikha nang samasama.</p>
<p>3. Uplig</p>  <p><i>Pigura 4. Uplig (Uri ng Kahoy)</i></p>	<p>Ito ay uri ng kahoy na ginagamit ng mga Sudipenians sa paggawa ng tungko at pundasyon ng pasiking. Matatagpuan ito sa mga kabundukan ng rehiyon.</p>	<p>Kung ang papel ng uplig ay siyang nagsisilbing pundasyon ng anumang produktong yari sa hinabing kawayan, ang sining sa paghahabi ng kawayan ay isang matibay na pundasyon ng kulturang Sudipenian na kinasasangkutan ng lakas paggawa at pangmatagalang pagkakaisa. Magmula noon magpasahanggang ngayon ang mga Sudipenians ay patuloy sa paggawa ng produktong yari sa hinabing kawayan nang may pagkakaisa sa layuning mapagtibay at maipagpatuloy ang maganda at mayamang kultura na sinimulan ng kanilang mga ninuno upang ang simoy ng kapatiran sa komunidad ay patuloy na humalimuyak kagaya ng uplig na hindi kumukupas ang lakas sa pagbibigay</p>

		suporta at tibay sa pasiking kahit panahon pa ang lumipas.
--	--	--


Proseso


Alinsunod kay Silawan at Borong (2022), maituturing na ang bawat okupasyon ay may sariling wika na ang mga wikang ito ay nagbibigay pagkakakilanlan. Kapag banggitin ang salitang pukot at taga agad makilala ng mga kausap na ito ay mangingisda. Ang pukot at taga ay walang pagkakaiba sa katawagan sa alinmang bayan ng Sogod Bay. Katulad sa pangingsda, sa paghahabi ng kawayan ay mayroon ding sariling wika na ginagamit ang mga maghahabing Sudipenians sa buong proseso ng kanilang paglikha ng mga natatanging produktong nagpapahiwatig ng hindi lamang ng kanilang identidad kundi maging ang kanilang kultura.


Ang paghahabi ng kawayan ay isang masining na proseso na patuloy na ininasabuhay ng mga Sudipenians kung saan masasalaming ang kanilang pagiging malikhain at artistiko. Mula sa proseso at mga disensyo mababatid dito ang kanilang taglay na katangian bilang mga maghahabi na nagpapahiwatig ng kulturang Sudipenians. Isa sa susi sa matagumpay na proseso ang pagkakaisa ng mga maghahabi upang makalikha ng natatanging produkto na bunga ng kanilang pagtitiwala sa sarili, pinagsama-samang galing at kakayahan ng lahat ng miyembro ng komunidad.



Pinatunayan naman ni Gandeza, C., & Santisteban, C. A. (2023). na ang malikhaing pag-aanyo ng mga strips ng kawayan ang nagbubunsod sa mga mamimili upang bilhin ang iba't ibang produktong yari sa kawayan. Ang lohikal na pag-iisip upang makabuo ng mga pattern sa paglalaga ay isang pangangailangan upang makabuo ng isang obra na praktikal na nagagamit sa kanilang probinsiya. Ang paglalaga ay tulad ng pagtanaw ng mga Ilokano sa konsepto ng tagumpay. Ito ay pinaghihirapan at kailangang dumaan sa masusing proseso upang lubos na mapahalagahan ang bungang dulot ng kanilang paghihirap.



Talahanayan 2. Proseso, Konsepto at Kultura

Proseso	Konsepto	Kultura
<p>1. Kuskusan</p>  <p><i>Pigura 5. Kuskusan (paglilinis sa kawayan)</i></p>	<p>Ang proseso o paraan ng pagtanggap sa berdeng balat ng anes o bolo (barayti ng kawayan) sa pamamagitan ng pagkuskus gamit ang talim ng itak (Pigura 5).</p>	<p>Ang prosesong kuskusan ay masasalaming sa kulturang Sudipenians sa mga pagkakataong ang mga nakatatandang maghahabi ay patuloy na ginagabayan ang mga baguhang maghahabi sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo nang isa-isa sa bawat proseso upang mapalabas ang natatagong pasyon hindi lamang sa paghahabi ng kawayan kundi maging sa iba pang gawaing</p>


		<p>pangkomunidad na kung saan sila ay nagkakaisa sa paggawa. Ang prosesong pagkukuskos ay sumisimbolo sa pagiging matulungin ng mga Sudipenians sa kapwa ng walang inaasahang kapalit na para sa pansariling kaligayahan lamang kundi para sa ikabubuti ng lahat, ikasisiya ng mga namayapang mga ninuno at higit sa lahat para sa ikakaunlad ng komunidad.</p>
<p>2. Sigitsigitin</p>  <p><i>Figura 6. Sagitsigitin (paghahati)</i></p>	<p>Ito ay isang proseso ng paghahati-hati ng anes o bolo (barayti ng kawayan) upang makakuha ng pira-pirasong bahagi kahalintulad ng mga patpat (Figura 6).</p>	<p>Ang prosesong tinatawag na “sigitsigitin” ay sumasagisag sa pagkakaiba-iba ng pag-katao, pag-uugali, paniniwala, pananaw, kakayahan at talento ng mga Sudipenians ngunit hindi maikakaila na sila ay nagmula sa iisang lahi na may iisang mithiin at ito ay ang pagtataguyod at pagpapayaman sa paghahabi ng kawayan bilang kanilang kultura at sumisimbolo rin sa kanilang pagkakakilanlan. Bagama’t nabibilang sila sa iisang lahi, ay mayroon din ang bawat isa nang sariling kaparaanan tulad halimbawa ng pag-aayubo o pag-dedisenyo, pagpapakita ng malasakit sa sining ng paghahabi ng kawayan sa simpleng pagtuklas sa iba pang maaring gawing produkto mula sa kawayan tungo sa maunlad na pangkabuhayan na patok sa masa at nagsisilbing representasyon ng kanilang natatanging mayamang kultura.</p>
<p>3. Nabnaben</p>	<p>Ito ay ang paraan ng paghihiwalay sa mga “nasigitsigit” na anes upang hatiin ang malambot at matigas na bahagi nito sa</p>	<p>Sa loob ng isang pamilya maging sa isang komunidad mayroon at mayroong isang miyembro na may katigasan ng ulo at kapangitan ng ugali. Kung ihahalintulad sa prosesong</p>

 <p data-bbox="284 504 682 535"><i>Pigura 7. Nabnaben (paghihiwalay)</i></p>	<p data-bbox="771 199 1031 262">pamamagitan ng pagkayay (Figura 7).</p> <p data-bbox="1047 199 1421 1260">“nabnaben” ay posibleng ang ganitong sitwasyon o problema ay maaring maiwasan o maituwid sa mabuting paraan. Sa komunidad ng mga maghahabing Sudipenians, ang ginagawa ng mga maghahabi upang hindi manaig ang mga negatibong enerhiya o impluwensiya sa kanilang komunidad lalo sa sining ng paghahabi ng kawayan, lalo nilang sinisipagan at pinagbubuti ang paglikha ng mga produktong yari sa kawayan upang makipagsabayan sa mga produktong gawa sa mga artisyal. Hinihikayat din ng mga nakatatandang maghahabi ang kanilang mga anak at kabataan sa kanilang komunidad na makisagkot sa paghahabi upang hindi madala sa teknolohiya at maiwasan ang pagiging tamad bagkus ay ituon ang atensyon sa paghahabi at pagtangkilik sa lokal na produkto.</p>
<p data-bbox="227 1270 365 1302">4. Bakyusan</p>  <p data-bbox="284 1585 673 1659"><i>Pigura 8. Bakyusan (pagninipis sa kawayang gagamtin sa paghahabi)</i></p>	<p data-bbox="771 1270 1031 1606">Ito ay isang prosesong katulad ng pagkukuskos at pagkayay. Isinasagawa ito upang makuha ang tamang nipis ng mga patpat na kinakailangan sa paghahabi (Figura 8).</p> <p data-bbox="1047 1270 1421 1890">Sa buhay at kultura ng mga Sudipenians ay kinakailangan ng magandang relasyon at pakikisama sa bawat isa upang makuha ang tamang hibla sa pagpapayaman ng sining sa paggawa tungo sa pag-unlad ng komunidad. Sa kanilang komunidad, ang bawat maghahabi ay sinisikap na bumuo ng magandang ugnayan sa kapwa maghahabi upang mas marami at mabilis ang produskyon ng mga produkto. Dahil sa sining ng paghahabi ng kawayan sariling talento ay hindi sapat na puhunan kinakailangan</p>

		<p>ding marunong kang makibagay sa kapwa upang mas mapalalim ang pagkatuto at mapalawak ang kaalaman sa buong proseso ng paghahabi ng kawayan nang sag anon ay buong kamalayan ay mapagyaman.</p>
<p>5. Lagain</p>  <p><i>Figura 9. Lagain (paghahabi)</i></p>	<p>Ito ay proseso ng paghahabi ng mga “nabakyus” na patpat mula sa kawayan upang mabuo ang produkto (Figura 9).</p>	<p>Ang mga pira-pirasong patpat ay pinagsama-sama sa pamamagitan ng paglalaga upang maging isa at nang makalikha ng natatanging produkto na pinagtibay ng pwersa ng mga patpat. Sa komunidad ng mga Sudipenians magkakaiba-iba man ang kanilang prayoridad sa buhay ay masasalamang parin sa kanilang kilos at gawi na nagkakaisa sila ng mithiin ito ang payabungin ang kanilang sining sa paglikha ang paghahabi ng kawayan bilang tatak Sudipenians na malaking bahagi ng kanilang sariling kultura, nakakatulong sa pagpapaunlad ng estado sa buhay at ng kanilang komunidad.</p>
<p>6. Inunsoy</p> 	<p>Isang istilo ng paghahabi na may pataas na direksyon o pattern (Figura 10).</p>	<p>Ang mga Sudipenians sa kanilang komunidad sa tulong ng paghahabi ng kawayan ay kanilang ipinapamalas ang kanilang pagtutulongan at paghahilaan pataas upang sabay-sabay na maiangat ang estado ng pamumuhay at makamit ang mga magagandang mithiin sa buhay na walang tinatapakan at</p>

<p><i>Pigura 10. Inunsoy (paghahabing pataas)</i></p>		<p>nilolokong ibang tao. Ang bawat miyembro ay walang ibang tunguhin ang layunin kundi ang umunlad kaalinsabay nang paglago ng kanilang pangkabuhayan maging ang kanilang komunidad na tinitirhan. Sa makatuwid, ang inunsoy ay sumisimbolo sa pagiging mapagmalasakit sa kapwa ng mga Sudipenians.</p>
<p>7. Kulibat</p>  <p><i>Pigura 11. Kulibat (pahigang pattern na disenyo)</i></p>	<p>Isang istilo ng paghahabi na may pahigang direksyon o pattern (Pigura 11).</p>	<p>Katulad ng kulibat, ang mga Sudipenians bilang isang komunidad ay nagkakaisa rin para sa isang tunguhin at iyon ay ang mapanatili ang kulturang paghahabi ng kawayan sa kanilang lugar bilang kanilang identidad at pangunahing pangkabuhayang maipagmamalaki ng kanilang lugar na Sudipen, La Union.</p>
<p>8. Kamalig</p>  <p><i>Pigura 12. Kamalig (Mga pattern na disenyo)</i></p>	<p>Ito ay terminong ginagamit ng mga Sudipenians na tumutukoy sa mga pattern sa paghahabi ng kawayan (Pigura 12).</p>	<p>Ang pagkakaroon ng iisang tunguhin sa proseso ng paghahabi ng kawayan ay tulad ng pagtanaw ng mga Sudipenians sa konsepto ng tagumpay. Sapagkat ang lohikal na pag-iisip upang makabuo ng mga patern sa paghahabi ay isang pangangailangan upang makabuo ng isang obra na praktikal na nagagamit sa kanilang probinsya. Ito ay pinaghihirapan at kailangang dumaan sa masusing proseso upang lubos na mapahalagahan ang bungang dulot ng kanilang paghihirap.</p>

Talahanayan 2. Proseso, Konsepto at Kultura (continuation)

<p>9. Ayubo</p>  <p style="text-align: center;">Pigura 13. Ayubo (Palamuti)</p>	<p>Ito ay paglalagay ng palamuti (design) upang lalong pagandahin ang nahabing produkto (Pigura 13).</p>	<p>Ang malikhaing palamuti sa mga produktong yari sa kawayan ang nagbubunsod sa mga mamimili upang bilhin ang iba't ibang produktong yari sa kawayan na siyang nagiging tulay upang umunlad ang konseptong pang-ekonomiya ng bayan ng Sudipen, La Union.</p>
---	--	--

Talahanayan 3: Produktong Kultural

Produkto

Sa pananaliksik ni Gandeza, C., & Santisteban, C. A. (2023), ang kawayan ay maaaring gamitin bilang pagkain o gamot at para sa mga produkto tulad ng handicraft, papel, muwebles, at kultura.

Sa bayan ng Sudipen ang Anes at Bolo ay dalawa lamang sa barayti ng kawayan na nagsisilbing pangunahing meteryales na ginagamit sa paghahabi ng mga Sudipenians upang makalikha ng natatangi at kapaki-pakinabang na mga produkto. Sa proseso ng paghahabi ay nakapaloob dito ang wika na nagpapakita ng mayamang kultura ng mga Sudipenians.

Ang paghahabi ng kawayan ay hindi lamang isang ordinaryong pangkabuhayan para sa mga Sudipenians sapagkat mayroon pa itong mas malalim na kahulugan sa kanilang buhay dahil ito ang isang paraan upang mapanatili at maipakilala sa masa ang kanilang sariling kultura. Bilang isang bagong kalakaran, ang pagpapaunlad ng industriya ng paghahabi ng kawayan ay kapaki-pakinabang sa pagpapanatili ng kultura ng mga Sudipenians. Ang mga produktong hinabi sa kawayan ay lubhang nakakatulong sa lokal na kabuhayan na pinagkukunan ng pangtustus sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mga mamamayan. Ito ay kapaki-pakinabang din sa kapaligiran sapagkat nakakabawas sa paggamit ng mga artipisyal na kagamitan tulad ng plastik.

Isinalaysay naman ni Amtalao, J. A., & Lartec, J. K. (2015). Ang mga produkto ng isang lugar ay mabisang repleksiyon ng kultura. Wika ang pangunahing kasangkapan sa pagbibigay ng pangalan sa mga produktong ito. Samakatuwid, ang pagpapangalang ito ay pagwiwika rin ng kultura. Nauunawaan ang isang salita ayon sa pagkakagamit at

nabibigyang-halaga ang isang bagay ayon sa pagkakalikha nito. Sa kontekstong Ilocano, ang mga produktong ipinangalan sa sariling wika ay maituturing na representasyon ng kanilang kultura.

- a. **Pasiking.** Ito ay isang tradisyunal na sisidlang hinabi sa kawayan na karaniwan din ginagamit ng iba pang katutubong grupo sa hilagang-Luzon bilang lalagyan ng kagamitan at iba pang suplay sa pangangaso. Ito ay mayroong magkabilaang sabitan para sa balikat at takip sa itaas na bahagi. Mayroon itong iba't ibang laki depende sa gamit, ngunit ang maituturing na pinakamalaking pasiking na nagawa sa rehiyon ay nagmula sa bayan ng Sudipen, La Union. Bagaman kilalang-kilala ito sa tawag na “pasiking” ay wala paaring matibay na ebidensya kung saan nagmula ang pangalan nito (Figura 14).



Figura 14. Pasiking (Hinabing Backpack)

- b. **Upit.** Ito ay maituturing na isa sa pinakamatandang uri ng sisidlang hinabi sa kawayan na ginagamit bilang baonan ng pagkain ng mga katutubong grupo sa hilagang-Luzon. Ang sisidlang ito ay hindi lamang basta baonan ng pagkain sapagkat mayroon itong ilim na lalagyan na maaring pagtaguan ng pera. Bagaman tinatawag ito ng mga Sudipenians bilang upit ay walang paring matibay na magpapatunay kung saan nagmula ang pangalan nito (Figura 15).



*Pigura 15.*Pasiking

(Hinabing Backpack)

Mula sa
ng isinagawang pag-

rito ang mga terminong ginagamit sa paghahabi ng kawayan ng mga Sudipenians mula sa mga materyales sa paggawa, proseso at mga produkto. Ang anes at bolo dalawa sa mga barayti ng kawayang madalas gamitin ng mga Sudipenians sa paghahabi. Ang kilob, labtang at uway na ginagamit sa paglalagay ng palamuti at karagdangang detalye upang lalong pagandahin ang mga produkto.

lumabas na resulta
aaraal, makikita sa

Ang kuskusan, sigitsigitin, nabnaben, bakyusan, lagain at ayubo ay ang mga katawagan tungkol sa proseso ng paghahabi mula simula hanggang katapusan. Ang mga terminong inunsoy, kulibat at kamalig ay tumutukoy sa mga ginagamit na pattern sa paghahabi ng kawayan. Ang pasiking at upit naman ay ang dalawang produkto ng Sudipen na mayroong lokal na katawagan. Nagpapakita rin ito ng ebolusyon ng mga habing produkto mula sa maliit na upit hanggang sa lumaki ito at naging pasiking.

DISCUSSION

Katangian ng Isang Manghahabi bilang Identidad ng Sudipenians

Sa mga materyales at proseso ng paghahabi ng kawayan na nabanggit sa mga naunang pahayag, ipinakikita ang iba't ibang katangiang tinataglay ng mga Sudipenians sa paghahabi ng kawayan.

Para sa mga partisipant ng pag-aaraal, ang mga katangiang ito ay lubos na kailangan upang makalikha ng produktong yari sa kawayan na siyang nagiging daan upang mapanatili at maipagpatuloy ang kultura ng Sudipenians sa paghahabi ng kawayan. Mahalagang matukoy na may malalim na kahulugan sa pang-araw-araw na buhay ng mga taong nasa kanayunan na pamayanan ng mga kawayan sa kadahilanang ito ay sumasalamin sa kanilang kultura, tradisyon, panlipunan, at pang-ekonomiyang pangangailangan.

Kung gayon, ang mga nakalap na katangiang taglay ng bawat manghahabi ng kawayan sa Sudipen, La Union ay nagsisilbing tulay upang makagawa ng magandang

produktong yari sa kawayan, magkaroon ng pagkakakitaan ang mga Sudipenians, at makabuo ng kulturang sumasalamín sa mga Sudipenians.

Matiyaga. Mula sa isinagawang pagkapa ng impormasyon sa mga manghahabing Sudipenians, lumabas sa pag-aaral na isa sa mga katangiang taglay ng mga manghahabing Sudipenians ay ang pagiging matiyaga. Ayon sa mga partisipant ng pag-aaral, ang tiyaga ng isang maghahabi ng kawayan ang susi upang makagawa o makabuo ng isang magandang produkto na yari sa kawayan. Aniya, sa dami ng proseso na pagdadaan bago matapos ang isang produkto, nangangailangan ito ng matinding pagtitiyaga upang maisagawa ng maayos ang proseso nito mula sa pagkuha o pagpili ng kawayang gagamitin hanggang sa pagdisenyo ng isang produktong yari sa kawayan. Makikita ang sagot ng mga partisipant sa ibaba:

Partisipant 1, “Yung pagkakayas kasi mahirap kaya kailanangan mo ng tiyaga at pasensiya.”

Partisipant 3, “Kung wala kang tiyaga, wala kang magagawa”.

Pinaninindigan ito ng pag-aaral ni Malay (2015), na nagsasabing ibang uri ng pagtitiyaga ang ipinakikita ng mga taga-Bacnotan at Sudipen sa paghahabi sa mga hibla ng kawayan dahil ang bawat hibla ng kawayan ay masusing hinuhugis upang matamo at umangkop sa iba pang hibla ng kawayan at mabuo ang pinong kalatagan ng isang produkto. Ang katangian ng kawayan na maaaring baluktutin ay isa pang aspekto ng pagpili sa kawayan bilang pangunahing materyal ng paglalaga.

Ang masusing paghuhugis ng kawayan ay nangangahulugan lamang na ang isang tagagawa nito ay may sapat na pasensiya upang perpektong makamit ang inaasam na hugis na aakma sa isa’t isa kung pinagsama-sama. Sa pagkakataong ito, walang ibang maaaring asahan ang tagagawa nito kundi ang kaniyang sarili upang tapusin ang proseso ng paggawa nito lalo na’t mawawalan ng saysay ang una niyang ginawa kung hindi naisakatuparan ang kabuuang proseso ng paglalaga. Ito ang relasyon ng mga kawayan at tagapaglaga, kailangan niyang ariin ang kawayan upang mapasunod niya ito sa ninanais na resulta ng produkto.

Pakikisama. Ayon sa mga partisipant ng pag-aaral, hindi lamang dapat sa paggawa ng produkto nakatutok ang isang maghahabi, kundi maging sa pakikisama sa mga nakakasama nilang iba pang maghahabi at lalo na sa kanilang mga kliyente na bumibili ng kanilang mga produktong yari sa kawayan.

Partisipant 3, “Sa mga buyer dapat makipagkaibigan ka pati narin sa mga kasama mo sa trabaho kaya mahalaga ang pagiging friendly.”

Alinsunod ito sa pang-organisasyong kultura ng mga mangangalakal na sina Wang et al. (2014), tinalakay nila ang kahalagahan ng produkto hindi lamang bilang bahagi ng kultura kundi bahagi rin ng komersiyo at pangangalakal. Dagdag pa ng mga nakapanayam

na manghahabing Sudipenians, ang galing nilang makisama sa ibang tao ay nagbibigay daan upang makabenta ng kanilang produkto at makabuo at mapaingting ang magandang relasyon sa mga mamimili at maging sa kanilang kasamahan sa paghahabi.

Matiisin. Ibinahagi rin ng mga partisipant, na ang paghahabi ng kawayan ay isang karagdagan sa kanilang hanap-buhay upang makaraos sa araw-araw. Bagamat hindi malaki ang kitaan dito, ay kailangan nilang magtiis nang sa gayon ay may pantustos sa pag-aaral ng kanilang mga anak at may pambili ng mga pangangailangan nila sa araw-araw.

Partisipant 4, “Kailangang magtiis dahil kahit konti lang naman ang kita sa paghahabi ay nakakatulong din naman papaano; pandagdag lang para sa pag-aaral ng aking mga anak.”

Katulad na lamang sa isinagawang pag-aaral nina Amtalao at Lartec (2015), ayon sa kanila, dahil sa masalimuot at matagal na proseso ng paggawa ng Basi, isang uri ng alak na gawa mula sa tubo/unas na dumaaan sa fermentation at inilalagay sa banga o jar at ang matagal na paghihintay upang makamit ang kalidad ng lasa nito, ay nagtatawag ng isang pagsasaya o selebrasyon matapos ang matagal na pagpupursige at pagtitiis. Ito ang nagpapakita kung paano pahalagahan ng mga Ilokano ang kanilang tagumpay, ang paniniwalang anumang pagtitiis at pagtitiyaga ay may katumbas na pagwawagi.

Kung ihahalintulad ito sa paghahabi ng kawayan, nangangailangan din ito ng matinding pagtitiis mula sa pagkuha ng kawayang gagamitin sa bahaging bulubundukin ng Sudipen, pagsukat, panagkuskus, panagsigit-sigit, panagnaben, panagbakyus, at paglaga, hanggang sa pag-aayubo o pagdidisenyo upang makalikha ng isang produktong yari sa kawayan na nagpapakita ng kultura ng Sudipenians.

Pagpapahalaga sa paggawa. Ayon sa mga nakapanayam na partisipants sa pag-aaral, ang pagpapahalaga sa paggawa o ang pagkakaroon ng puso sa paghahabi ang isang katangiang dapat taglayin ng isang maghahabi ng kawayan. Bilang mga maghahabing Sudipenians, ang kanilang pagmamahal sa kanilang ginagawa ang nagsisilbing inspirasyon sa kanila upang magpagtiyagaan at mapagtiisan ang paghahabi kahit na napakadami nitong proseso.

Partisipant 3, “Kung magtatayo ka ng business dapat mayroon kang passion hindi lang dahil sa uso ay makikiuso ka narin. Kung wala kang passion huwag ka nalang mag-uumpisa”

Ayon kay Malay (2015), sa kaso ng mga produktong makikita sa Sillag festival, lalong nagiging inspirasyon ng isang tagagawa ang pagpapanatili ng obra sa ngalan ng dekalidad na serbisyong maipagmamalaki upang maging kakaiba at mapanatili ang natatanging identidad ng kanilang lugar na isa sa pinakalayunin sa festival – ang makilala ang bayan sa pamamagitan ng nangingibabaw na produkto. Gaya ng unang nabanggit, maingat ang mga tagagawa ng produkto sa pagpapanatili ng awtentikong

representasyon at hindi lamang upang maibenta ang mga ito bilang pagpapakilala ng kanilang natatanging identidad at bilang marangal at mabuting hanapbuhay. Maliban sa konsyumerismong kontribusyon ng mga produktong ito, may winiwika ang mga proseso sa paggawa ng produktong ito.

Aminado ang mga Sudipenians na kakaunti lamang ang kitaan sa paghahabi ng kawayan ngunit naniniwala silang ang pagmamahal at pagmamahal nila sa paghahabi ang siyang nagpapaigting sa kanilang kultura bilang Sudipenians.

Pagpapahalaga sa oras. Isa sa mga katangian ng Sudipenians na maghahabi ng kawayan ay ang marunong magpapahalaga sa oras ng paggawa. Para sa mga partisipant, ang pagpapahalaga sa oras ng paghahabi ng kawayan ay lubos na nakatutulong upang makalikha nang maraming produkto. Kabilang sa pagpapahalaga ng oras ay ang kaalaman sa pagbadyet nito dahil ayon sa kanila, ang paghahabi ay hindi ginagawa sa iisang upuan lamang, ibig-sabihin kailangan itong balik-balikan hanggang sa makatapos ng isang produkto ang isang maghahabi na kaniyang ibebenta kalaunan.

Partisipant 1, “Dapat marunong kang magbudget ng oras mo, katulad sa amin kung kinakailangang tapusin namin sa loob ng isang oras lamang, tatapusin namin talaga.”

Sa pananaliksik ni Malay (2015), ang mataas na bilang ng mga mamimili ng buybuy ang isa sa mga dahilan ng patuloy na pagpupursige ng mga Ilokano sa pagtanim at paggawa nito. Iba-iba rin ang estilo ng pagsama-sama ng kulay nito upang lalong maging kaakit-akit sa mga mamimili. Iniaangkop ang katangian ng buybuy sa pleksibilidad ng mga Ilokano at ang kanilang kakayahan upang iayon at iangkop ang kanilang sarili at gawi sa anumang sitwasyon na maaari nilang kakaharapin dahil ito ay dumaraan sa proseso ng pangangalap (harvesting), pagpapatuyo (drying), paglilinis (dusting), pagsusukat (measuring), paghahabi (forming o sewing), at pagdidisenyo (designing) ng isang de-kalidad na walis tambo.

Sa paghahabi ng kawayan ng mga Sudipenians ay kinakailangan din nilang banatin ang kanilang oras ng paggawa upang makalikha ng marami ngunit de kalidad na produktong yari sa kawayan, nang sa gayon ay kanilang matugunan ang mga pangangailangan at ekspektasyon ng kanilang mga mamimili.

Paghahabi ng Kawayan Bilang Pangkabuhayan Identidad ng Sudipenians

Edukasyon. Lumabas sa panayam sa mga partisipant na ang kanilang kita sa paghahabi ng kawayan kahit hindi ganon kalaki ay nakatulong sa pagsuporta sa pag-aaral ng kanilang mga anak sa mumunting kaparaanan.

Gamit sa Pagsasaka. Ayon sa mga partisipant na ang perang naiipon sa pagbebenta ng mga produktong yari sa hinabing kawayan ay ipinambibili ng mga iba-

ibang pangangailangan sa kanilang pagsasaka gaya ng pataba sa lupa, mga pangkaing pangmeryenda sa pagtatanim.

Pangtustus sa Araw-araw. Ang hangganan nang pakinabang ng kinikita sa paghahabi ng kawayan ay hindi lamang nakalimita sa pagkat napakalaking tulong ito sa pangtustus sa pang-araw-araw na pangangailangan sa buhay ng mga maghahabi. Isa ito sa pinagkukunan ng pera pambili ng kanilang ulam na siyang nagbibigay lakas ng resistensiya sa katawan upang makibaka sa araw-araw na trabaho. Mahalaga ang mga produkto na kanilang nililikha dahil bukod sa isa itong pangunahing paraan nila upang mabuhay, ito rin ang dahilan upang maangkin nila ang kanilang produkto. Ito'y nagpapatunay na bagamat nabibilang sila sa iisang lahi, may pagkakaiba-iba o natatanging pagpapakita ng kagandahan na nirerepresenta ng kanilang mga produkto. Ang pagkakaiba-ibang ito ang nanghihikayat sa mga Ilokano upang maniwala sa kahalagahan ng kanilang mga likha sa kabila ng malakas na kompetisyon sa mga modernong produkto.

Komunidad. Hindi lamang pansariling ginhawa at kapakanan ang hatid ng paghahabi ng kawayan sapagkat napakalaki ang ambag nito sa komunidad ng mga Sudipenian. Nakatulong ito sa mga mamamayan higit lalo sa mga kabataan na interesado na matutunan ang paghahabi ng kawayan bilang hanapbuhay at mabisang hakbang upang maipagpatuloy ang kanilang kultura na sumasalamin sa identidad tatak Sudipenian.

Binanggit din nina Sosola-Banda at Johnsen (2005), tumataas rin ang kahalagahan ng kawayan bilang mapagkukunan para sa pagpapaunlad sa kabuhayan. Nangangahulugan lamang na habang lumilipas ang panahon maging sa modernong taon ang kahalagahan at kapakinabangan ng kawayan sa ekonomiya bilang pangunahing pangkabuhayan ay patuloy na unti-unting lumalago't nakikipagsabayan sa mga modernong kagamitan. Ang ambag ng kawayan sa ekonomiya ay hindi kumukupas kundi lalong pumapagaspas habang taon ay nalalagas.

Base sa lumabas na resulta sa pag-aaral, makikita sa talahanayan na ang paghahabi ng kawayan bilang pangkabuhayan ng mga Sudipenians ay nakakatulong sa pagsuporta sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Sapagkat ayon sa mga partisipant ay sa kanilang kita kinukuha ang ibinibigay na baon ng kani-kanilang mga anak. Bukod dito, ang kinikita sa pagbebenta ng mga iba't ibang produkto na habi sa kawayan ay inilalaan sa pangunahing pangangailangan para sa kanilang pagsasaka. Ilan lamang sa mga pinagbibilhan ay pataba sa lupa, pesticides, insecticides at pagkain. Ang iba namang kita ay pinantutustus sa pang-araw-araw na pangangailangan tulad na lamang ng ulam.

Pinatunayan sa Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, Ateneo AJOL. (2023). ang iba't ibang anyo ng paglikha ay nakatanim na sa mayamang kultura, at ang sining ng paglikha ay patuloy na ipinapasa sa iba pang henerasyon. Ang sining ng paglikha ay nakaukit na bilang mahalagang bahagi ng mayamang kultura ng isang lahi na patuloy na nilililok at pinagyayaman sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng bawat yugto ng henerasyon.

Sa aspetong pangkomunidad, ang paghahabi ng kawayan ay mabisang lunsaran sa pagpapalaganap sa pagkatuto ng mga kabataan sa paghahabi tungo sa pagpapanatili at pagpapayaman ng wika't kulturang Sudipenians.



Figura 16. Bamboo Booklet




Figura 17. Tematik Dayagram Identidad ng Sudipenian

Ang tematik dayagram ay ilustrasyon na nagpapakita sa kabuong konteksto ng paghahabi ng kawayan ng mga Sudipenians. Makikita sa dayagram (Figura 17), ang imahen ng lalaki na naghahabi na sumisimbolo sa katauhan ng mga maghahabing Sudipenians. Sa sining ng paghahabi dito ay napapalabas ang mga natatanging katangiang taglay ng mga maghahabi katulad ng matiyaga, matiisin, pagpapahalaga sa oras at pakikisama. Sa paghahabi ng kawayan ay hindi lamang husay ang puhunan napakahalaga na taglayin ang pagiging matiyaga. Sa gawaing ito makikita ang likas na pagiging matiyaga ng mga Sudipenians sapagkat na papagtiyagaan nila ang sining sa paghahabi ng kawayan na buo ang kamalayan at kaalaman sa kabila ng mahairap na proseso. Bukod dito, ang mga Sudipenians ay matiisin. Hindi alintana ang pagod, hirap at katagalan upang makabuo ng isang maganda at matibay na produkto na yari sa kawayan. Patunay lamang ito na ang mga Sudipenians ay may pagpapahalaga sa oras at sining sa paghahabi ng kawayan bilang kanilang matandang kultura na lalong pinagtitiyay at pinagyayaman ang kanilang husay sa pakikisama sa kapwa upang mapagtagumpayan ang sining sa paghahabi ng kawayan bilang pangkabuhayan at sariling kultura na matatawag ng mga Sudipenians.

Bilang bunga nito, ang mga Sudipenians ay patuloy pa ring naghahabi hanggang ngayon kung saan ito ay nagpapakita ng kanilang pagiging matatag na sumisimbolo ng kanilang pagmamahal sa kanilang sariling kultura. Hindi lamang sa identidad at kultura nakikita ang kahalagahan ng paghahabi ng kawayan ng mga Sudipenians bagkus napakalaki rin ang epekto nito sa buhay ng mga Sudipenians. Ang kita sa paghahabi ay isa sa pangunahing pinagkukunan ng mga maghahabing Sudipenians ng perang pangtustos sa araw-araw na pamumuhay maging pangsuporta sa pag-aaral ng kanilang mga supling. Ang iba pang kita ay tinutustos sa kanilang pagsasaka bilang pambili ng mga pangunahing pangangailangan kagaya ng abono, pesticides, insecticides at iba pang mga pangangailangan. Ang kagandahan sa paghahabi ng kawayan ay hindi lamang pansariling pakinabangan ang dulot at bunga nito kundi malaking tulong din ito sa pagpapaunlad sa ekonomiya ng kanilang komunidad at bayan.

Ang larawan ng kawayan ay kinapapalooban ng daloy ng konsepto sa paghahabi. Mula sa sining ng paghahabi ng kawayan, napapalabas ang mga terminolohiyang ginagamit sa paghahabi na nahahati sa tatlong kategorya: ang materyales, proseso at produkto. Nakapaloob sa napira-pirasong bahagi ng kawayan ang buong konsepto sa paghahabi. Ang nagsisilbing pangunahing materyales na ginagamit sa paghahabi ay nagmula sa barayti ng kawayan ang Anes at Bolo. Ang Anes, bolo, labtang, uplig at kilob ang siyang pundasyon sa sining ng paghahabi ng mga Sudipenians. Ang mga terminolohiyang ginagamit sa kabuuang proseso ng paghahabi: kuskusan, sigitsigitin, bakyusan, nabnaben, lagain, inunsoy, kamalig, kulibat at ayubo ay natatangi at makahulugang wika ng mga Sudipenians gayun din ang kanilang mga pangunahing produktong nalilikha katulad ng Pasiking ang kanilang besryon sa modernong kasangkapan na backpack at ang upit na walang katulad sapagkat ito ay kanilang orihinal na likha at produkto. Ang mga terminolohiyang ito ay representasyon ng maganda at mayamang kultura ng mga Sudipenians.

Ang kabuong konsepto ng paghahabi ng kawayan ng mga Sudipenians ay malinaw na ipinapakita ang sariling identidad at kultura na mayroon ang mga taga Sudipenians.

CONCLUSIONS AND RECOMMENDATIONS

Batay sa lumabas na resulta ng pananaliksik nagkaroon ng makadiwang pagpapakahulugan sa karikitan ng mga termino sa paghahabi ng kawayan bilang isang mabisang daluyan sa paghukay sa lalim ng kontribusyon sa pagpapahalaga sa kultura ng mga Sudipenians. Naging masining ang paghahabi ng kawayan ang mga mamamayan ng Sudipenians na kung saan ito ay nagpapakita ng natatanging kultura na kumakatawan sa payak ngunit makabuluhang pamumuhay patungo sa pagiging malikhain. Dagdag pa ryan, ang paghahabi ng mga Sudipenians ng kawayan ay isang mabisang paraan upang mailantad ang identidad at kulturang yaman na patuloy na isinasagawa sa kasalukuyan. Panghuli, ang pag-aaral sa mga lokal na kultura ay pangunahing pundasyon na makapaghahatid sa mananaliksik at mambabasa sa panggagagad sa kabuuan ng isang lahi o kultura.

Sa mga nailahad na konklusyon, nirerekomenda ng mananaliksik na magsagawa ng mas malalim na pag-aaral ukol sa kultural na identidad, magsagawa ng symposium upang ibahagi ang pag-aaral, at anumang magiging resulta ay subukang magkaroon ng integrasyon sa kagawaran ng edukasyon.

IMPLICATIONS

Implikasyon sa Guro

Ang pag-aaral na ito ay may malalim na implikasyon sa mga guro, lalo na sa mga nagtuturo sa larangan ng sining at kultura. Una, nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga guro na palalimin ang kanilang kaalaman at pag-unawa sa tradisyonal na sining at kultura ng mga Sudipenians, partikular sa sining ng paghahabi ng kawayan. Ang ganitong pag-unawa ay maaaring magbigay sa kanila ng mga bagong pananaw at diskarte sa pagtuturo, na maaaring maging inspirasyon sa kanilang mga mag-aaral. Pangalawa, dahil sa kahalagahan ng pagpapahalaga sa oras, matiyaga, at iba pang katangiang ipinapakita ng mga Sudipenians sa kanilang sining, maaaring maging modelo ang mga ito para sa mga guro at mag-aaral sa pagpapahalaga sa pag-aaral at sa buhay.

Implikasyon sa Kultura

Ang pag-aaral na ito ay naglalaman ng mga mahahalagang implikasyon sa kultura ng mga Sudipenians at maging sa kanilang komunidad. Una, nagpapakita ito ng patuloy na pagpapahalaga at pagpapayaman sa kanilang tradisyonal na sining at kultura, partikular sa paghahabi ng kawayan. Sa pamamagitan ng pagtuturo at pagpapasa-ngsai ng kanilang natatanging kasanayan at kaalaman, nagiging buhay at nagpapatuloy ang kanilang kultura sa kabila ng mga modernisasyon at pagbabago sa kanilang kapaligiran. Pangalawa, ang ekonomikong aspeto ng paghahabi ng kawayan ay nagpapakita ng kahalagahan nito sa pang-araw-araw na buhay ng mga Sudipenians. Ito ay hindi lamang isang sining at kultura kundi isang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan at pangangailangan ng kanilang komunidad at bayan.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng mahalagang papel ng sining at kultura sa buhay ng mga Sudipenians, pati na rin ang implikasyon nito sa pag-unlad at pagpapatibay ng kanilang komunidad. Ito ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng pagpapahalaga at pangangalaga sa tradisyonal na sining at kultura, pati na rin sa pagpapasa-ngsai ng mga ito sa susunod na henerasyon.

ACKNOWLEDGEMENT

Ilocos Sur Polytechnic State College at Municipality of Sudipen La Union sa kanilang suportang upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

REFERENCES

- Amtalao, J. A., & Lartec, J. K. (2015). Ang Wika ng Sillag Festival Bilang Daluyan ng Kultura at Identidad ng mga Ilokano/The Language of Sillag Festival as a Reflection of Culture and Identity of the Ilocano. *Malay*, 27, 69-89.
- Asian Development Bank. (2002). Indigenous Peoples/ethnic minorities and poverty reduction: *Proceedings of a Regional Workshop on Indigenous People*. Asian Development Bank.
- Das, P., Bain, W. K., & Gogoi, B. (2020). Bamboo crafts and associated knowledge system of the Karbi Tribe of Assam plains, north-eastern India: A cultural heritage. *TRIVALENT 𑜉𑜂𑜃𑜫 Journal of Archaeology, Tourism & Anthropology*, 1(1), 63-77. <https://doi.org/10.4038/tjata.v1i1.29>
- DeJonckheere, M., & Vaughn, L.M. (2019). Semi Structured Interviewing in Primary Care Research: A Balance of Relationship and Rigor. *Family Medicine and Community Health*, 7, e000057. <https://doi.org/10.1136/fmch-2018-000057>
- Foster, M. D., & Gilman, L. (2015). *UNESCO on the ground: Local perspectives on intangible cultural heritage*. Indiana University Press.
- Gandeza, C. C. (2023). Language fillers used by students in conversation. *Journal of Social Work and Science Education*, 4(2), 539-555. <https://doi.org/10.52690/jswse.v4i2>
- Gandeza, C. C., & Unciano, M. J. R. (2022). Personal narratives: A pedagogical intervention in writing. *Asia Pacific Journal of Advanced Education and Technology*, 1(1), 56-63.
- Gandeza, C., & Santisteban, C. A. (2023). Superstitious beliefs unveiling truth. *www.academia.edu*. https://www.academia.edu/109698962/Superstitious_Beliefs_Unveiling_Truth
- Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, Ateneo AJOL. (2023). *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino*. <https://ajol.ateneo.edu/katipunan>
- King, L., & Schielmann, S. (2004). *The challenge of indigenous education: Practice and perspectives*. Education on the move. UNESCO. Retrieved from <https://unesdoc.unesco.org/ark:/48223/pf0000134773>
- Pe-Pua, R. (1989). Pagtatanong-tanong: A cross-cultural research method. *International Journal of Intercultural Relations*, 13(2), 147-163. [https://doi.org/10.1016/0147-1767\(89\)90003-5](https://doi.org/10.1016/0147-1767(89)90003-5)
- Sharma, D. B., Gupta, V., Saxena, K., Shah, U. M., & Singh, U. S. (2020). Role of Faith healers: A barrier or a support system to medical care- a cross sectional study. *Journal of Family Medicine and Primary Care*, 9(8), 4298. https://doi.org/10.4103/jfmpc.jfmpc_868_20
- Silawan, F. & Borong, N. L. (2022). Register ng wika sa mga mangingisda (Register language of fishermen). *International Multilingual Journal of Science and Technology*, 7(11), 5724-2729.

- Sosola-Banda, & Johnsen. (2005). Rural livelihoods on bamboo handicraft making and Culm vending in Mvera, Malawi. *Journal of Bamboo and Rattan*, 4(1), 93-107. <https://doi.org/10.1163/1569159053444671>
- Tejano, L. (2022). Resisting the Colonial Narrative of the Legend of Paoay Lake: Recounting a Story of Biag nga Agnanayon/Life Eternal in an Ilokano Barrio in Paoay, Ilocos Norte. *Integrated Journal for Research in Arts and Humanities*, volume(issue), pages. <https://doi.org/10.55544/ijrah.2.4.4>
- UNESCO, & Connaughton, C. (2020). *Empowering youth for heritage: 10 years of the world heritage volunteers initiative*. UNESCO Publishing.
- UCLA. (2013, October 8). News releases. <https://newsroom.ucla.edu/releases?&page=144&s=datedesc>
- Upphapong, B., Champadaeng, S., & Sookna, S. (2013). The development of bamboo basketry according to the Base of Creative Economy of the Thai Yo Ethnic Group in Northeast Thailand. *Asian Social Science*, 9(10). <https://doi.org/10.5539/ass.v9n10p231>
- Yapan, A. (2016). Ang Pagsulong Sa Karapatan Ng Mga Hayop Bilang Anyo Ng Kulturang popular: Banghay-aralin para Sa Kulturang popular. *Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino*, 1, 97-103. <https://doi.org/10.13185/kat2016.00110>

Author's Biography



Erika D. Lazaga is a licensed professional teacher from Ambalayay, Tagudin, Ilocos, with proud parents, Mr. and Mrs. Rolando Lazaga. She graduated with Latin honors and currently teaches at Santa Lucia Academy. She promotes an inclusive learning atmosphere that honors individual abilities, believing strongly in each student's variety. Erika is committed to fostering young minds and ensuring that each student receives a quality education that is personalized to their own needs and goals. Her devotion to education extends beyond the classroom, as she advocates for inclusive methods that enable students to achieve academically and personally.



The researcher, born on February 16, 2000, is the fourth child of Mr. Ronnie Santos and Mrs. Marie fe L. Santos from Pudoc West, Tagudin, Ilocos Sur. He graduated and received awards from Ilocos Sur Polytechnic State College-Tagudin Campus, earning a Bachelor of Secondary Education major in Filipino. As a licensed professional teacher, he understands the challenges of entering the teaching profession firsthand. Through his journey, he has learned that success in this field demands not only academic achievement but also unwavering dedication, perseverance in the face of challenges, and a strong work ethics. His upbringing in Tagudin instilled in him values of resilience and community spirit, which continue to guide his commitment to educational excellence and community service.



Divine Grace M. Lacondazo is 23 years old and resident of Namaltugan, Sudipen La Union. She graduated Bachelor of Secondary Education Major in Filipino at Ilocos Sur Polytechnic State College -Tagudin Campus with flying color. She is now a Licensed Professional Teacher but unfortunately, she's not yet in the teaching field. For the mean time, she keeps herself busy to see working opportunities that is good for her personal growth and professional development. She believed that "Miracle is another name for Hard work".



Marco Q. Lapitan is from Dardarat, Tagudin, Ilocos Sur a graduate of Bachelor of Secondary Education Major in Filipino at Ilocos Sur Polytechnic State College Tagudin Campus. He is a licensed professional teacher who passed the March 2024 Licensure Examination for Teachers and currently working as Administrative Aide III in the Local Government Unit of Tagudin, Ilocos Sur under the Municipal Environment and Natural Resources Office. Even he is not inside the classroom fostering young minds at present, he still continued the mission in teaching our future generation in a way on how we protect, preserve and cherish our environment. His stopover in the LGU is part of his preparation to become more equip with the skills and experienced before entering the field of teaching. His

passion in teaching still flames in his heart waiting for the right time to be protruded.



Dr. Christian C. Gandeza is a Assistant Professor and designated as the Director for Extension of Ilocos Sur Polytechnic State College, Managing Editor of the E-DAWA Journal the official journal of Ilocos Sur Polytechnic State College, and EIC of the Amburayan Research Journal.



Carrie Ann Shane E. Orine, born on February 23, 2001 and a resident of Brgy. Camiling, Balaoan, La Union. She graduated Bachelor of Secondary Education Major in Filipino at Ilocos Sur Polytechnic State College - Tagudin Campus as Cum Laude. She is now a Licensed Professional Teacher and currently a Basic Education Teacher at ABE International Business College Incorporated. She believes that learning is essential to our existence that is the reason why, she continuously updating her knowledge and skills in both her professional and personal life. For Ms. Orine, her passion in touching and changing lives of students drive her to where she is now.